Pormularyo ng Aplikasyon sa Illinois Electric Vehicle Rebate Program
Enero 21, 2025 na Siklo ng Aplikasyon

Ang mga rebate sa ilalim ng programang ito ay nakasalalay sa pagkakaroon ng pondo.

Ang mga aplikasyon na hindi mabasa, hindi kumpleto, o huli ay tatanggihan. Ang mga aplikante ay makakatanggap ng sulat kung ang aplikasyon ay tinanggihan.

Ang aplikasyon sa rebate ay dapat na nalagyan ng tatak-koreo sa loob ng 90 araw pagkatapos ng petsa ng pagbili ng sasakyan, at dapat itong nalagyan ng tatak-koreo sa o pagkatapos ng Enero 21, 2025, ngunit hindi lalampas sa Abril 30, 2025, para sa siklong ito.

Walang mga aplikasyon ang tatanggapin sa pamamagitan ng fax, email, o personal na paghahatid. Ang mga aplikasyon ay dapat na i-print at ipadala sa adres sa ibaba at may tatak-koreo.

U.S. Mail: **Illinois Environmental Protection Agency**
Electric Vehicle Rebate Program MC #40
P.O. Box 19276
Springfield, Illinois 62794-9276

Pribadong Tagapaghatid: **Illinois Environmental Protection Agency**
Electric Vehicle Rebate Program MC #40
2520 West Iles Avenue
Springfield, Illinois 62704

Seksyon 1: Impormasyon ng Aplikante (mga indibidwal lamang)

Pangalan: _____
(Una) *(Gitna)* *(Apelyido)*

Pisikal na Adres: _____
*(Numero at Kalye, **walang** P.O. Box)* *(Lungsod)* *(Zip)*

Adres na Padalahan (kung iba): _____
*(Numero at Kalye **o** P.O. Box)* *(Lungsod)* *(Zip)*

Email address (kung mayroon): _____

Daytime/Cell Phone: (_____) - _____-_____
(Area Code)

I-tsek ang mga sumusunod na pahayag upang kumpirmahin na naiintindihan at natutugunan mo ang mga pamantayan sa pagiging elihible:

- ☐ Ako, ang aplikante, ay hindi nakatanggap ng mga naunang rebate sa ilalim ng Electric Vehicle Rebate Program na ito.
- ☐ Ang sasakyan na binili ko ay hindi nakatanggap ng mga naunang rebate sa ilalim ng Electric Vehicle Rebate Program na ito.
- ☐ Ang sasakyan ay binili mula sa isang lisensyadong Illinois dealership.
- ☐ Ang sasakyan ay inihatid sa at tinanggap ko sa Illinois.
- ☐ Ako ang may-ari/may hawak ng titulo ng sasakyan. Ang sasakyan ay hindi nirerentahan o inuupahan.
- ☐ Ako ay naninirahan sa Illinois sa parehong panahon na binili ang sasakyan at sa panahon na isinumite ang aplikasyon para sa rebate.
- ☐ Dapat kong ipaalam kaagad sa Illinois EPA ang anumang mga pagbabago sa paninirahan o pagmamay-ari ng sasakyan na nangyari bago ang pagbibigay ng rebate.
- ☐ Dapat kong panatilihin ang pagmamay-ari ng sasakyan, manirahan sa Illinois, at irehistro ang sasakyan sa Illinois sa loob ng di-bababa sa 12 magkakasunod na buwan pagkatapos ng petsa ng pagbili. Sumasang-ayon akong abisuhan ang Illinois EPA sa loob ng 60 araw ng hindi pagtupad sa alinman sa mga pamantayan sa pagiging elihible na ito at kakailanganing ibalik sa Illinois EPA ang halaga ng rebate.

Seksyon 2: Uri ng Aplikasyon

☐ Orihinal na Aplikasyon

☐ Muling Pag-aplay, kung ang orihinal na aplikasyon ay natukoy na hindi kumpleto.

Seksyon 3: Impormasyon ng Sasakyan

I-tsek ang isa:

☐ De-kuryenteng Sasakyan

☐ De-kuryenteng Motorsiklo

I-tsek ang isa:

☐ BAGONG de-kuryenteng sasakyan/motorsiklo na binili mula sa isang dealer sa Illinois na hindi pa kailanman pagmamay-ari o natituluhan

☐ GAMIT NA o SEGUNDAMANONG de-kuryenteng sasakyan/motorsiklo na binili mula sa isang dealer sa Illinois na dati nang natituluhan sa ibang may-ari

Petsa ng Pagbili: ____/____/____
(Buwan) (Araw) (Taon)

Tatak: _____ Modelo: _____ Taon ng Modelo: _____
(Taga-manupaktura)

Vehicle Identification Number (VIN): _____

Seksyon 4: Impormasyon ng Dealership

Pangalan ng Dealership: _____

Numero ng Lisensya ng Dealership: _____

Adres ng Dealership: _____
(Kalye) *(Lungsod)* *(Zip)*

Numero ng Telepono ng Dealership: (_____) - _____-_____
(Area code)

Sertipikasyon ng Dealership: Ang impormasyong ibinigay sa Seksyon 3 at 4 ng aplikasyon na ito ay totoo at tumpak.

Kinatawan ng Dealership: _____ _____
(Lagda) *(Nakasulat na Pangalan)*

Seksyon 5: Dokumentasyon

Ang mga sumusunod na aytem ay kinakailangang isama sa aplikasyon na ito. I-tsek ang lahat ng aytem na isinasama mo:

- ☐ Kopya ng bill of sale, purchase invoice, o purchase agreement mula sa isang Illinois dealership.
- ☐ Dokumentasyon ng patunay ng pagbili, gaya ng kopya ng nakanselang tseke, invoice o bill na nagpapakita na nabayaran na ang naaangkop na halaga at walang natitirang balanse, o mga dokumento sa pautang.
- ☐ Kopya ng rehistro ng sasakyan sa Illinois o pansamantalang permit mula sa dealership. Ang mga aplikasyon para sa pagpaparehistro ng sasakyan ay hindi nakakatugon sa kahingian.
- ☐ Para sa mga aplikanteng may social security number, isang IRS W-9 Form na naglalaman ng pangalan, adres na padalahan, at social security number. Para sa lahat ng iba pang mga aplikante, isang IRS W-8 Form na naglalaman ng pangalan, adres na padalahan, at taxpayer identification number.

Seksyon 6: Sertipikasyon ng Mababang Kita

Upang maging kwalipikado bilang “mababang kita,” ang kabuuang pinagsamang gross income ng aplikante at ng lahat ng tao na mahigit sa edad na 18 na naninirahan sa tirahan ng aplikante na kadugo o kamag-anak ng aplikante sa kasal o pag-aampon (“kwalipikado”) ay hindi maaaring lumampas sa 80 porsyento ng State median income. Tingnan ang nakalakip na mga panuto para sa impormasyon kung paano matukoy ang pagiging angkop sa mababang kita.

Kung natutugunan ng aplikante ang pamantayang ito, i-tsek ang “Oo” upang sertipikahan ang istatus na ito. Kung ang aplikante ay hindi kwalipikado bilang “mababang kita,” i-tsek ang “Hindi.”

Pinatutunayan ko na ang kabuuang pinagsamang gross income ng aking sarili at ng lahat ng tao na mahigit sa edad na 18 na naninirahan sa aking tirahan na kadugo o kamag-anak ko sa kasal o pag-aampon ay hindi lumalampas sa 80 porsyento ng State median income.

I-tsek ang isa: ☐ Oo ☐ Hindi

Seksyon 7: Awtorisasyon

ANG SERTIPIKASYONG ITO AY DAPAT LAGDAAN NG BUMILI NG SASAKYAN NA SIYANG PAKSA NG APLIKASYONG ITO. ANG MGA APLIKASYON NA WALANG NILAGDAANG SERTIPIKASYON AY ITUTURING NA HINDI KUMPLETO AT TATANGGIHAN. ANG SINUMANG TAO NA SADYANG NAGBIBIGAY NG MALI, GAWA-GAWA LAMANG, O MAPANLINLANG NA PAHAYAG, NANG PASALITA O PASULAT, SA ILLINOIS EPA AY NAGKAKASALA NG CLASS 4 NA FELONY. ANG PANGALAWA O KASUNOD NA PAGKAKASALA PAGKATAPOS NG PAGKAKAHATOL AY ISANG CLASS 3 NA FELONY (415 ILCS 5/44(H)).

PINATUTUNAYAN KO SA ILALIM NG PARUSA NG BATAS, BATAY SA IMPORMASYON AT PANINIWALA NA NABUO PAGKATAPOS NG MAKATWIRANG PAGTATANONG, NA ANG MGA PAHAYAG AT IMPORMASYONG NAKAPALOOB SA APLIKASYONG ITO AY TOTOO, TUMPAK AT KUMPLETO.

Lagda ng Aplikante: _____ Nakasulat na Pangalan: _____ Petsa: _____

Ang mga rebate sa ilalim ng programang ito ay nakasalalay sa pagkakaroon ng pondo.

IL 532 3077
APC669

MGA PANUTO SA APLIKASYON SA ILLINOIS ELECTRIC VEHICLE REBATE PROGRAM

Adres na Padalahan

Ang aplikasyon sa rebate na may kinakailangang impormasyon at dokumentasyon ay dapat na i-print at ipadala sa Illinois EPA. Ang mga aplikasyon **ay hindi** tatanggapin sa pamamagitan ng fax, email, o personal na paghahatid. Ang mga aplikasyon ay dapat ipadala sa adres sa ibaba at may tatak-koreo.

U.S. Mail:
Illinois Environmental Protection Agency
Electric Vehicle Rebate Program MC #40
P.O. Box 19276
Springfield, Illinois 62794-9276

Pribadong Tagapaghatid:
Illinois Environmental Protection Agency
Electric Vehicle Rebate Program MC #40
2520 West Iles Avenue
Springfield, Illinois 62704

Deadline ng Aplikasyon

Ang aplikasyon sa rebate ay dapat na nalagyan ng tatak-koreo sa loob ng 90 araw pagkatapos ng petsa ng pagbili ng sasakyan, **at** dapat itong nalagyan ng tatak-koreo sa o pagkatapos ng Enero 21, 2025, ngunit hindi lalampas sa Abril 30, 2025, para sa siklong ito.

Kinakailangang Pagiging Kumpleto

Ang lahat ng impormasyong hinihiling sa aplikasyon ay dapat ibigay sa nababasang paraan. Ang mga aplikasyon na hindi mabasa, hindi kumpleto, o huli ay tatanggihan.

Pagkakaroon ng Pondo

Ang lahat ng mga aplikasyon para sa rebate ay nakasalalay sa pagkakaroon ng pondo.

Aplikasyon

Seksyon 1: Impormasyon ng Aplikante

- Ang aplikante ay dapat isang indibidwal at hindi isang negosyo o entidad ng pamahalaan o iba pang entidad gaya ng trust. Ibigay ang iyong pangalan, pisikal na adres ng kalye (walang P.O. Box), email address (kung mayroon), at ang numero ng iyong daytime o cell phone. Ibigay ang iyong adres na padalahan kung naiiba sa pisikal na adres. Ang pisikal na adres na ito ay gagamitin upang kumpirmahin ang paninirahan sa Illinois na kinakailangan. Tandaan na ang impormasyon sa IRS W-9 o IRS W-8 **ay dapat tumugma** sa impormasyong nasa file sa IRS. Ang mga tseke sa rebate na ibinigay ng Comptroller ay ipapadala sa adres na nasa iyong W-9 o W-8 na pormularyo, na dapat ay ang pisikal o padalahang adres na ibinigay sa seksyong ito ng aplikasyon. Ang numero ng cell phone ay para sa mga layunin ng pakikipag-ugnayan kung kinakailangan.

- I-tsek ang bawat isa sa mga pahayag na kumukumpirma na naiintindihan at natutugunan mo ang mga pamantayan sa pagiging elihible sa programa upang makatanggap ng rebate.

Seksyon 2: Uri ng Aplikasyon

- I-tsek ang unang kahon kung ito ang iyong orihinal (inisyal) na aplikasyon sa rebate.

- I-tsek ang pangalawang kahon kung nabigyan ka ng Denial Letter dahil ang iyong orihinal na aplikasyon ay hindi kumpleto at ikaw ay muling nagsusumite na may karagdagang impormasyon.

Seksyon 3: Impormasyon ng Sasakyan

- I-tsek kung ang aplikasyon na ito ay para sa de-kuryenteng sasakyan o de-kuryenteng motorsiklo.
- I-tsek kung bumili ka ng BAGO o GAMIT NA/SEGUNDAMANONG de-kuryenteng sasakyan o de-kuryenteng motorsiklo mula sa isang dealer sa Illinois.
- Ilagay ang petsa ng pagbili ng sasakyan.
- Ilagay ang Tatak (taga-manupaktura), Modelo, at Taon ng Modelo ng sasakyan o motorsiklo.
- Ilagay ang buong Vehicle Identification Number (VIN).

Seksyon 4: Impormasyon ng Dealership

Ang seksyong ito ay dapat kumpletuhin ng nagbebentang Illinois dealership. Ilagay ang pangalan ng dealership, ang numero ng lisensya ng dealership na ibinigay ng Illinois Secretary of State, at ang adres at numero ng telepono ng dealership. Ang isang kinatawan ng dealership ay dapat magpatunay na ang impormasyon sa Seksyon 3 at 4 ng aplikasyon ay totoo at tumpak na may lagda at nakasulat na pangalan.

Seksyon 5: Dokumentasyon

I-tsek ang bawat isa sa mga pahayag upang matiyak na ang mga kinakailangang dokumento at mga pormularyo ay kasama sa aplikasyon. Ang mga nababasang kopya ng mga dokumento ay tinatanggap.

Ang mga dokumento ng patunay ng pagbili ay dapat na mag-uulat ng lahat ng natitirang utang sa dealer sa Bill of Sale.

Ang isang kopya ng rehistro ng sasakyan o ng pansamantalang permit mula sa dealership ay tinatanggap. Ang aplikasyon sa Illinois Secretary of State para sa pagpaparehistro ng sasakyan ay hindi tinatanggap na dokumentasyon.

Ang mga link sa kinakailangang IRS W-9 Form (kung mayroon kang social security number) at IRS W-8 Form (kung mayroon kang taxpayer identification number) ay ibinigay sa website. Kinakailangan ng Office of the Illinois Comptroller ang social security number o taxpayer identification number ng isang indibidwal upang maproseso ang pagbabayad at mag-isyu ng tseke ng estado. Ang aplikasyon ay hindi mapoproseso nang walang nakumpletong W-9 o W-8, at dahil dito ay ituturing na hindi kumpleto at tatanggihan.

Ang impormasyon sa IRS W-9 o IRS W-8 **ay dapat tumugma** sa impormasyong nasa file sa IRS. Ang mga tseke sa rebate na ibinigay ng Comptroller ay ipapadala sa adres na nasa iyong W-9 o W-8 na pormularyo, na dapat ay ang pisikal o padalahang adres na ibinigay sa Seksyon 1 ng aplikasyon.

Seksyon 6: Sertipikasyon ng Mababang Kita

Ang mga regulasyon ng Electric Vehicle Rebate ay tumutukoy sa “mababang kita” bilang mga tao at pamilya na ang kita ay hindi lumalampas sa 80 porsyento ng State median income para sa kasalukuyang fiscal year ng Estado (Hulyo 1, 2024 - Hunyo 30, 2025), gaya ng itinatag ng U.S. Department of Health and Human Services. Ang mga regulasyon ay higit pang nagpapahayag na upang maging kwalipikado bilang “mababang kita,” ang kabuuang pinagsamang gross income ng aplikante at ng lahat ng tao na mahigit sa edad na 18 na naninirahan sa tirahan ng aplikante na kadugo o kamag-anak ng aplikante sa kasal o pag-aampon ay hindi maaaring lumampas sa 80 porsyento ng State median income.

Ang bilang ng sambahayan ng aplikante ay tutukuyin sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng aplikante at sinumang indibidwal o grupo ng mga indibidwal na nakatira kasama ang aplikante bilang isang yunit ng ekonomiya, na maaaring kabilang ang mga taong wala pang 18 taong gulang at mga taong hindi kadugo o hindi kamag-anak ng aplikante sa pamamagitan ng kasal o pag-aampon.

Ang antas ng kita ng aplikante ay tutukuyin sa pamamagitan ng kabuuan ng pinagsamang gross income ng aplikante at ng lahat ng tao na mahigit sa edad na 18 na naninirahan sa tirahan ng aplikante na kadugo o kamag-anak ng aplikante sa kasal o pag-aampon.

Pagkatapos matukoy ang bilang ng sambahayan at antas ng kita ng aplikante gaya ng naunang nabanggit, hanapin ang naaangkop na kinalkulang bilang ng sambahayan sa talahanayan sa ibaba. Kung ang kinalkulang antas ng gross income ng aplikante ay nasa o mas mababa sa kaukulang hangganan ng antas ng kita, ang aplikante ay itinuturing na mababang kita. Halimbawa, ang isang aplikante na ang bilang ng sambahayan ay 3 ay dapat magkaroon ng antas ng kita sa o mas mababa sa hangganan ng antas ng kita na $82,075 upang maituring na mababang kita.

Bilang ng Sambahayan	Antas ng Kita
1	$50,809
2	$66,442
3	$82,075
4	$97,709
5	$113,342
6	$128,976
7	$131,907
8	$134,838
9	$137,769
10	$140,701

Seksyon 7: Awtorisasyon

Pakibasa ang sertipikasyon ng awtorisasyon at, kung sumasang-ayon, lagdaan, isulat ang pangalan, at lagyan ng petsa ang aplikasyon.

Ang hindi paglagda sa sertipikasyon ay magdudulot na ang aplikasyon ay ituring na hindi kumpleto. Ang hindi pagkakumpleto na ito ay magreresulta sa pagtanggi sa aplikasyon.